SENA

# GABAY PARA SA USER

**Bersiyon ng Firmware: 1.1.x**

Huling update noong Peb 26, 2026

R35

MOTORCYCLE MESH COMMUNICATION SYSTEM

Ang bersiyon ng firmware na 1.1.x ay nangangahulugang maaaring gamitin ang manwal na ito sa lahat ng mga update ng firmware sa loob ng series na bersiyon 1.1.

# SANGGUNIAN

(+) : (+) button
(–) : (–) button
(M) : Mesh Intercom button
(C) : Center button

| Uri | Operasyon | Button | Tagal ng Pagpindot |
|---|---|---|---|
| **Mga basic na operasyon** | Buksan ang power | (C) & (+) | Pindutin nang isang (1) segundo |
| | Patayin ang power | (C) & (+) | Isang tapik |
| | Palakasin/hinaan ang volume | (+) o (–) | Isang tapik |
| **Phone** | Phone pairing | (C) | Pindutin nang limang (5) segundo |
| | Sagutin ang tawag sa phone | (C) | Isang tapik |
| | Ibaba ang tawag sa phone | (C) | Pindutin nang dalawang (2) segundo |
| | Tanggihan ang tawag sa phone | (C) | Pindutin nang dalawang (2) segundo |
| | I-activate ang voice assistant | (C) | Pindutin nang tatlong (3) segundo |
| | Speed dial | (+) | Pindutin nang tatlong (3) segundo |
| | I-play/pause ang musika | (C) | Pindutin nang isang (1) segundo |
| | Susunod/nakaraang kanta | (+) o (–) | Pindutin nang isang (1) segundo |
| **Mesh Intercom™** | Buksan/patayin ang Mesh Intercom | (M) | Isang tapik |
| | I-mute/alisin ang mute ng mic | (M) | Pindutin nang isang (1) segundo |
| | Pumili ng channel | (M) | Dalawang tapik |
| | Mesh grouping | (M) | Pindutin nang limang (5) segundo |
| | I-reset ang mesh | (M) | Pindutin nang walong (8) segundo |
| **Wave Intercom™** | Buksan ang Wave Intercom | (M) | Dalawang tapik |
| | Patayin ang Wave Intercom | (M) | Isang tapik |
| | Lumipat sa Mesh Intercom | (C) | Isang tapik |
| **Pag-troubleshoot** | Fault reset | (C) & (+) | Pindutin nang sampung (10) segundo |
| **Configuration menu** | | (C) | Pindutin nang sampung (10) segundo |

# BAGO MAGSIMULA

## Sena Motorcycles App

I-download ang Sena Motorcycles app mula sa Google Play Store o App Store.

## WAVE Intercom App

I-download ang WAVE Intercom app mula sa Google Play Store o App Store.

Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa Wave Intercom, sumangguni sa Wave Intercom User Guide sa sena.com.


# PINDUTIN
# ANG ALINMANG SEKSIYON UPANG MAGSIMULA

- TUNGKOL SA R35
- PAG-INSTALL
- BASIC NA OPERASYON
- RIDEGLOW LED
- PAIRING SA MGA BLUETOOTH DEVICE
- GAMITIN KASAMA ANG SMARTPHONE
- MESH INTERCOM
- WAVE INTERCOM
- AUDIO MULTITASKING
- VOICE COMMAND
- PAG-UPDATE NG FIRMWARE
- PAG-TROUBLESHOOT

# 01 TUNGKOL SA R35













## Mga Pangunahing Feature

- Mesh Intercom 3.0 na may mas magandang kalidad ng tunog, mas matibay na koneksiyon, at mas matagal na pag-uusap
- Dual version Mesh: Mesh 2.0 para sa backward compatibility
- Compatible sa Wave Intercom
- Noise cancellation sa pamamagitan ng AI
- Mas pinahusay na voice command
- Mga napapalitang faceplate
- Dynamic LED
- Waterproof rating na IPx7
- Bersiyon 5.3 ng Bluetooth
- Over-the-Air (OTA) na pag-update ng firmware




| | |
|---|---|
| ① | (+) button |
| ② | Center button |
| ③ | (–) button |
| ④ | Status LED |
| ⑤ | Dynamic LED |
| ⑥ | Charging LED |
| ⑦ | Saksakan para sa USB-C charger |
| ⑧ | Koneksiyon para sa mga speaker at microphone |
| ⑨ | Mesh Intercom button |


## Nilalaman ng Pakete

| | | | |
|---|---|---|---|
| <br>R35 |  × 3<br>Mga napapalitang faceplate | <br>Clamp para sa helmet | <br>Mga speaker |
| <br>Idinidikit na surface mounting plate | <br>Mga double sided na adhesive pad |  × 2<br>Mga speaker pad |  × 2<br>Mga velcro pad para sa speaker |
| <br>Naka-wire na boom microphone | <br>Naka-wire na microphone |  × 2<br>Mga sponge para sa microphone | <br>Velcro pad para sa naka-wire na boom microphone |
| <br>Velcro pad para sa naka-wire na microphone | <br>Holder para sa naka-wire na boom microphone | <br>Velcro pad para sa holder ng naka-wire na boom microphone | <br>Kable ng USB-C charger |


# 02 PAG-INSTALL

## Main Unit at mga Clamp


### Clamp para sa helmet





# Idinidikit na Surface Mounting Plate



## Mga speaker









x 2


# Microphone


## Naka-wire na boom microphone














# Naka-wire na microphone









# Mga napapalitang faceplate



# 03 BASIC NA OPERASYON

| | |
|---|---|
|   | **Tapikin**<br>Tapikin ang button sa itinakdang bilang ng beses |
|   | **Pindutin nang Matagal**<br>Pindutin ang button sa itinakdang tagal |
|  | Voice Prompt |
|  | Voice Command |
|  | LED |

## Charging





Saksakan ng charger


Kinakailangan nang dalawang (2) oras upang mapuno ang charge.

- Suportado ng R35 ang fast charging. Sa loob lamang ng dalawampung (20) minutong pag-charge, maaaring magamit nang apat (4) na oras ang Mesh Intercom.
- Maaaring gamitin ang anumang third-party USB charger hangga't naaprubahan ito ng FCC, CE, IC, o iba pang lokal na kinikilalang ahensiya ng regulasyon.
- Ang paggamit ng hindi naaprubahang charger ay maaaring magdulot ng sunog, pagsabog, pagtagas, at iba pang panganib na maaaring makabawas sa tagal o kakayahan ng baterya.

## Buksan ang Power





## Patayin ang Power





- Napupunta ang R35 sa deep sleep mode kung wala itong madetektang paggalaw sa loob ng dalawang (2) minuto.
- Kung may madetektang anumang paggalaw sa loob ng tatlong araw, magigising ang R35. Kung wala, ganap na mamamatay ang power matapos ang tatlong (3) araw.
- Upang paganahin o alisin ang function na ito, pumunta sa Device Settings at i-toggle ang Auto On/Off sa Sena Motorcycles app.

## Volume





## Configuration

### Pumunta sa Configuration





"Configuration menu"

### I-navigate





### Kumpirmahin



# 04 RIDEGLOW LED

Ginagamit ng RideGlow feature ang dynamic LED upang ipahiwatig ang kasalukuyang status ng device o upang mag-display ng mga glowing effect habang nagmomotor. Maaari mong i-customize ang kulay at pattern ng glowing effect sa Sena Motorcycles app.




# 05 PAIRING SA MGA BLUETOOTH DEVICE


Kapag ikokonekta ang R35 sa iba pang Bluetooth device sa unang pagkakataon, kailangan itong i-pair. Maaaring i-pair ang R35 sa maraming device, kabilang ang dalawang mobile phone at isang GPS. Gayunpaman, suportado lamang nito ang isang karagdagang device bukod sa isang mobile phone, para sa sabayang koneksiyon.

## Phone pairing

1.





2.




- Kapag binuksan mo ang R35 sa unang pagkakataon o i-reboot ito pagkatapos ng factory reset, awtomatikong papasok ang R35 sa mode ng phone pairing.
- Upang kanselahin ang phone pairing, pindutin ang alinmang button.


## Ikalawang Mobile Phone Pairing

1.





"Configuration menu"

2.





"Ikalawang mobile phone pairing"

3.





## GPS Pairing

1.





"Configuration menu"

2.




"GPS pairing"

3.




# Action Camera Pairing

Kapag naka-pair ang R35 sa isang action camera, maaari mong irekord ang audio na nanggagaling sa Mesh Intercom. Maaari mo ring gamitin ang mga voice command ng action camera sa pamamagitan ng microphone na nasa headset.


- Para sa detalyadong panuto tungkol sa mga voice command, sumangguni sa gabay para sa user ng iyong action camera.

## Device Pairing

1. Ilagay ang iyong action camera sa Bluetooth pairing mode.




2.





"Configuration menu"

3.




"Action cam pairing"

4. Maghintay hanggang sa makarinig ng voice prompt.





"Nakakonekta na ang Device"

- Nadi-disable ang musika tuwing naka-pair sa action camera.


# 06 GAMITIN KASAMA ANG SMARTPHONE

## Pagtawag at Pagsagot sa mga Tawag


### Sagutin ang Tawag




### Ibaba ang Tawag




### Tanggihan ang Tawag





## Siri o Google Assistant

Bigkasin ang "Hey Siri", "Hey Google," o pindutin ang center button nang tatlong (3) segundo upang i-activate ang Siri o Google Assistant.

"Hey Google" o "Hey Siri"

o




# Speed dial

## Itakda ang mga Preset ng Speed Dial


Maaaring itakda ang mga preset ng speed dial gamit ang Sena Motorcycles app.

## Gamitin ang mga Preset ng Speed Dial

1. Pumunta sa speed dial menu.





2. I-navigate sa susunod o nakaraang preset ng speed dial.





① Muling i-dial ang huling numero
② Speed dial (1→2→3)
③ Kanselahin

3. Tapikin ang center button upang kumpirmahin.




# Musika

## I-play/pause ang musika





## Susunod/Nakaraang Kanta




# 07 MESH INTERCOM

May dalawang Mesh Intercom mode ang R35:
- Open Mesh™ para sa mga hindi pribadong usapan ng grupo sa intercom.
- Group Mesh™ para sa mga pribadong usapan ng grupo sa intercom.

### Open Mesh




### Group Mesh



# Paglipat ng Bersiyon ng Mesh


## Lumipat sa Mesh 2.0 para sa Backward Compatibility

Ang Mesh 3.0 ang pinakabagong teknolohiya ng Mesh Intercom. Upang makipag-ugnayan sa mga lumang produkto na gumagamit ng Mesh 2.0, lumipat sa Mesh 2.0 gamit ang Sena Motorcycles app.


# Open Mesh

Maaari kang makipag-ugnayan sa halos unlimited na bilang ng mga user sa anim na (6) available na channel. Ang default na channel ng Mesh Intercom ay 1.

## Buksan/patayin ang Mesh Intercom





**On**: "Mesh intercom on, Open Mesh, channel 1"




**Off**: "Mesh intercom off"

## I-mute/alisin ang mute ng mic

Pindutin ang Mesh Intercom button nang isang (1) segundo para i-mute/alisin ang mute ng microphone habang nakikipag-usap sa Mesh Intercom.





**Mute**: "Mic off"

**Unmute**: "Mic on"


## Pumili ng channel

1. Pumunta sa channel setting.





"Channel setting, 1"

2. Mag-navigate sa pagitan ng mga channel.




"#"

3. Kumpirmahin at i-save ang channel.





"Naka-set ang channel, channel #"

- Awtomatikong mase-save ang channel kung walang pipinduting button sa loob ng sampung (10) segundo sa partikular na channel.
- Mase-save ang channel kahit na nakapatay ang R35.


# Group Mesh

Sa pamamagitan ng group mesh, maaaring lumikha ng grupo ng pribadong usapan para sa hanggang 24 na kalahok.


## Lumikha ng Group Mesh




1. Para pumasok ang mga user (Ikaw, A, at B) sa mesh grouping, pindutin ang Mesh Intercom button nang limang (5) segundo habang nasa open mesh. Hindi kailangang nasa parehong open mesh channel para makabuo ng isang group mesh nang magkakasama.




2. Kapag kompleto na ang mesh grouping, awtomatiko itong lilipat mula sa open mesh patungo sa group mesh.





- Kung nais mong kanselahin ang mesh grouping, tapikin ang Mesh Intercom button.




- Kung hindi matagumpay na makompleto sa loob ng tatlumpung (30) segundo ang mesh grouping, maririnig ng mga user ang isang boses na nagsasabing, "Grouping failed."


## Sumali sa Nabuo nang Group Mesh

Kapag ikaw ay nasa isang group mesh, maaari mong anyayahang sumali sa grupo ang iba pang user na nasa open mesh.




Nasa group mesh ka na kasama sina A at B, at nasa open mesh ang mga user na sina C at D.

1. Kayo at ang mga user na sina C at D ay makapapasok sa mesh grouping sa pamamagitan ng pagpindot ng Mesh Intercom button nang limang (5) segundo.




"Mesh grouping"

2. Kapag nakompleto na ang mesh grouping, sina user C at D ay awtomatikong isasali sa group mesh at aalis sa open mesh.


"Group Mesh"


Mga bagong kalahok (C at D)

- Kung hindi matagumpay na makompleto sa loob ng tatlumpung (30) segundo ang mesh grouping, maririnig ng kasalukuyang user (Ikaw) ang dalawang mababang tono na beep at maririnig naman ng mga bagong user (sina C at D) ang isang boses na nagsasabing, "Grouping failed."

## Magpalipat-lipat sa Open/Group Mesh

Maaari kang magpalipat-lipat sa pagitan ng open mesh at group mesh nang hindi nire-reset ang mesh.




Open mesh

"Open Mesh"


Group mesh

"Group Mesh"

- Kung hindi ka pa nakasasali kahit kailan sa group mesh, hindi ka maaaring magpalipat-lipat sa pagitan ng open mesh at group mesh. May maririnig kang boses na nagsasabing, "Walang group available."

## I-reset ang mesh

Kung i-reset ng R35 ang mesh habang nasa open mesh o group mesh, awtomatiko itong babalik sa open mesh, channel 1.




"Reset Mesh"


# 08 WAVE INTERCOM

Nagbibigay-daan ang Wave Intercom na magkaroon ng malayang komunikasyon gamit ang mobile data. Para sa detalyadong impormasyon, sumangguni sa Wave Intercom User Guide sa sena.com.

## Buksan/Patayin ang Wave Intercom

Buksan ang WAVE Intercom app at tapikin ang Mesh Intercom button nang dalawang beses upang sumali sa Wave Intercom.

- Kailangan mong buksan ang app bago masimulan ang Wave Intercom.





Kapag sinimulan mo ang Wave Intercom, awtomatiko kang makokonekta sa mga user na nasa Wave Zone. Sinasaklaw ng Wave Zone ang radius na 1 mile sa North America at 1.6 km sa Europe.

Upang isara ang Wave Intercom, tapikin nang isang beses ang Mesh Intercom button.

## Magpalipat-lipat sa pagitan ng Wave Intercom at Mesh Intercom

Madali kang makapagpapalipat-lipat sa pagitan ng Mesh Intercom at Wave Intercom sa pamamagitan ng pagtapik nang isang beses sa center button.




**Wave papunta sa Mesh**: "Wave Intercom off. Mesh Intercom on."

**Mesh papunta sa Wave**: "Mesh Intercom off. Wave Intercom on."

# 09 AUDIO MULTITASKING

Sa pamamagitan ng audio multitasking sa R35, maaari mong marinig ang musika at ang mga tagubilin ng GPS sa pagliko habang nakikipag-usap sa Mesh Intercom.

Para sa karagdagang detalye, pumunta sa Device Settings ng Sena Motorcycles app upang i-configure ang settings.

**Background Volume**

Awtomatikong hihina ang volume ng background audio (tulad ng tumutugtog na musika) habang aktibong nakikipag-usap sa intercom. Maaari mong i-adjust sa app ang porsiyento ng paghina ng volume. Pumunta lamang sa ‘Background Volume’.

# 10 VOICE COMMAND

Naghahandog ang R35 ng mga voice command sa walong (8) wika. Maaari mo itong i-set sa Sena Motorcycles app. Makikita rin sa Sena Motorcycles app ang kompletong listahan ng mga available na voice command.

Upang i-activate ang mga voice command, bigkasin lamang ang "Hey Sena."

"Hey Sena"

## Listahan ng Voice Command

"Answer"

"Ignore"

"Hey Sena, Check Battery"

"Hey Sena, Volume Up"

"Hey Sena, Volume Down"

"Hey Sena, Phone Pairing"

"Hey Sena, Redial Number"

"Hey Sena, End Call"

"Hey Sena, Play Music"

"Hey Sena, Stop Music"

"Hey Sena, Previous Track"

"Hey Sena, Next Track"

"Hey Sena, Mesh Intercom On"

"Hey Sena, Mesh Intercom Off"

"Hey Sena, Wave Intercom On"

"Hey Sena, Wave Intercom Off"

# 11 PAG-UPDATE NG FIRMWARE

## Over-the-Air (OTA) na Pag-update


Maaari mong direktang i-update ang firmware gamit ang Over-the-Air (OTA) mula sa settings ng Sena Motorcycles app.

# 12 PAG-TROUBLESHOOT

## Factory Reset


Upang ibalik ang R35 sa factory default settings, gamitin lamang ang factory reset feature.

1.





"Configuration menu"

2.




"Factory reset"


3.




"Headset reset, Paalam"

## Fault reset

Kung nakabukas ang R35 ngunit hindi ito tumutugon, maaari kang magsagawa ng fault reset upang ibalik ang normal na function.




Siguraduhing hindi nakasaksak ang kable ng USB-C charger, at pagkatapos ay sabay na pindutin ang center button at (+) button nang sampung (10) segundo.

Walang magbabago sa lahat ng settings.

Karapatang-sipi 2026 ng Sena Technologies, Inc.
Reserbado ang lahat ng karapatan.

© 1998–2026 Sena Technologies, Inc. Reserbado ang lahat ng karapatan.

Inirereserba ng Sena Technologies, Inc. ang karapatan na gawin ang anumang pagbabago at pagpapabuti sa kanilang produkto nang walang paunang abiso.

Ang Sena™ ay isang trademark ng Sena Technologies, Inc. o ng mga subsidiyaryo nito sa Estados Unidos at iba pang bansa.

Ang mga wordmark at logo ng Bluetooth® ay pagmamay-ari ng Bluetooth SIG, Inc. at lisensiyado ang anumang paggamit ng Sena sa mga simbolong ito.

Sena Technologies, Inc.
152 Technology Drive, Irvine, CA 92618